Philippine Overseas Employment Administration

Republic of the Philippines
Department of Labor and Employment
BFO Building, Ortigas Avenue cor. EDSA, Mandaluyong City 1501

Website: www.poea.gov.ph E-mail: info@poea.gov.ph
Hotlines: 722-1144, 722-1155

CERTIFICATION INTERNATIONAL
ISO 9001 :2000
Cert. No. CIP/3115/02/04/294

# PRESS RELEASE

May 18, 2006

## Recruiter para sa Sweden factory kinasuhan ng illegal recruitment

Sumugod sa POEA ang may dalawampu't pitong katao na naging biktima ng Cebu Manpower Corporation para magsampa ng kaso laban sa naturang ahensiya matapos na sila ay lokohin sa pangakong trabaho bilang factory workers sa Sweden.

Ayon sa mga biktima na pawang residente ng Olongapo City, Zambales, lumipas na ang sampung buwan mula ng sila ay pangakuan at singilin ng mula P75,000.00 pataas bilang "placement fee", subalit hindi pa rin sila napapaalis ng Cebu Manpower Corporation. Sa katunayan, ilan sa mga aplikante ay nagbayad ng umabot sa P393,500.00 upang diumano'y mapapabilis ang proseso ng kanilang papeles. Sa 27 na biktima, umabot sa P6.5 milyon ang naibulsa ng ahensiya. Ang halagang ito ay maaring tumaas pa sapagkat marami pang biktima ang inaasahang magsasampa ng kaso laban sa ahensiya. Sa ngayon, ang kasong large Scale/Syndicated Illegal Recruitment at Estafa ay nakasampa na sa Prosecution Office ng Makati City para sa preliminary investigation.

Ang mga kinasuhan ay sina Elizabeth "Beth" Papag at Charo I. Santos, President at Secretary ng ahensiya, at kasama rin sina Noel Papag, Dennis Acosta, Erwin "Tisoy" Papag, isang nagngangalang "Bobot/Botbot/Bebot" at "Bobby", Ang opisina ng Cebu Manpower Corp., ay nasa Unit B, 2nd Floor, 1760 Avenue Center, Dian Street, Palanan, Makati City.

Ayon kay POEA Administrator Rosalinda Dimapilis-Baldoz, kahit na ang Cebu Manpower Corporation ay nabigyan ng POEA ng lisensya para mag-recruit ng manggagawa para sa ibang bansa, ito ay walang karapatan na mangalap ng mga aplikante para sa posisyon ng factory workers sa Sweden dahit ito ay walang job orders mula sa naturang bansa. Ayon pa rin kay Baldoz, kahit na ang Cebu Manpower Corp. ay may ahensiya, ang mga opisyales at empleyado nito ay hindi makakaiwas sa criminal na illegal recruitment sapagkat ayon sa R.A 8042, maaring kasuhan ng Illegal Recruitment kahit na ang ahensiya ay lisensyado o awtorisado na magrecruit. Maari ring makansela ang lisensya ng ahensiya kapag napatunayan ang recruitment violations sa kasong adminstratibo laban dito.

Ang mga iba pang biktima ng Cebu Manpower Corporation ay hinihikayat na sumangguni sa POEA Anti-illegal Recruitment Branch para sila ay mabigyan ng kaukulang tulong-legal sa pagsasampa ng kaso laban sa ahensiya.

Philippine
Overseas
Employment
Administration

Republic of the Philippines
Department of Labor and Employment
BFO Building, Ortigas Avenue cor. EDSA, Mandaluyong City 1501

Website: www.poea.gov.ph E-mail: info@poea.gov.ph
Hotlines: 722-1144, 722-1155

CERTIFICATION INTERNATIONAL
ISO 9001 :2000
Cert. No. CIP/3115/02/04/294

# PRESS RELEASE

May 18, 2006

## Recruiter for Sweden factory charged with illegal recruitment

Twenty-seven (27) victims of Cebu Manpower trooped to POEA to file charges against the agency after promising them jobs as factory workers in Sweden. The victims, residents of Olongapo City,Zambales, reported that it has been 10 months since the agency collected "placement fees" from them ranging from P75,000.00 above but failed to deploy them. In fact, there were applicants who paid as much as P393,500 so that the processing of their documents will be facilitated. The agency was able to pocket around P6.5M from the 27 victims and the amount is expected to rev up to millions more since a big number of victims are expected to file their complaints against the agency.

At present, cases of Large Scale/Syndicated Illegal Recruitment and Estafa are being filed at the Prosecution Office in Makati City for preliminary investigation. The cases were charged against Elizabeth "Beth" Papag & Charo I. Santos,President & Secretary of Cebu Manpower respectively.

Also included in the charge sheet were Noel Papag, Dennis Acosta,Erwin"Tisoy" Papag,and one "Bobot/Botbot/Bebot"/ and "Bobby". Cebu Manpower Corp. is located at Unit B,2/F,1760 Avenue Center, Dian Street,Palanan, Makati City. Administrator Rosalinda Dimapilis-Baldoz said that although Cebu Manpower Corporation was licensed by POEA to recruit workers abroad, it has no right to recruit applicants for the position of factory workers for Sweden for there were no job orders from the said country.Furthermore, Administrator Baldoz stated that in spite of the fact that Cebu Manpower Corp. has a license, its officials & staff can still be charged of illegal recruitment because according to R.A.8042 an illegal recruitment case can still be filed against an agency which is licensed or authorized to recruit. The license of an agency may be cancelled if proven that there are recruitment violations in the administrative case which is filed against them.

All victims of Cebu Manpower Corp. may inquire with POEA Anti-Illegal Recruitment Branch at 4/F Blas F. Ople Bldg.,Ortigas cor. EDSA, Mandaluyong City for proper legal assistance in filing cases against the agency.